

Paano kung ang aking sanggol ay walang pagkawala ng pandinig?

Kung ang mga pagsusuri ay nagpapakita na ang iyong sanggol ay walang pagkawala ng pandinig, mahalaga pa ring bantayan ang pandinig ng iyong sanggol.

Ang ilang mga sanggol ay maaaring nanganganib na magkaroon ng pagkawala ng pandinig sa kaniyang pagtanda sila. Ipapaalam sa iyo ng iyong iyong Audiologist kung ito ang kaso sa iyong sanggol at aasikasuhin nila ang isa pang pagsusuri sa pandinig para sa iyong sanggol isang araw bago ang kaniyang unang kaarawan kung kinakailangan.

Kahit na maliit na bilang lang ng mga sanggol ang nanganganib na magkaroon ng pagkawala ng pandinig, mahalaga pa rin na magkaroon ang iyong sanggol ng karagdagang mga pagsusuri sa pandinig kung inirekomenda.

Ang malaman ang pagkawala ng pandinig sa maagang edad ang pinakamahasay na pagkakataon upang matulungan ang pag-unlad ng pagsasalita at wika ng iyong sanggol, at pag-aaral sa hinaharap.

Serbisyong Suporta ng Pamilya sa Pagkawala ng Pandinig sa Queensland (QHLFSS - Queensland Hearing Loss Family Support Service)

Ang Queensland Hearing Loss Family Support Service (QHLFSS) ay nag-aalok ng suporta sa mga pamilya ng mga sanggol na napag-alamang may permanenteng pagkawala ng pandinig. Kung ang iyong sanggol ay natagpuan na mayroong permanenteng pagkawala ng pandinig, isang Facilitator ng Suporta sa Pamilya ang makikipag-ugnay sa iyo, at magbibigay ng panahong makipagtulungan sa iyo at sa iyong pamilya sa mas mahabang panahon.

Ang serbisyo ay libre sa lahat ng mga pamilya. Kung hindi ka makarinig mula sa QHLFSS, maaari kang makipag-ugnay sa kanila sa 1800 352 075.

Tandaan na ang pandinig ng isang bata ay maaaring masuri sa anumang edad. Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa pandinig ng iyong sanggol, makipag-ugnayan sa iyong doktor upang humingi ng isang pagsangguni para masuri ng Audiologist ang pandinig ng iyong sanggol.

Appointment sa Audiology

Petsa at Oras:

Serbisyo ng Audiology:

Tirahan:

Numero ng telepono:

Kung hindi ka nakatanggap ng appointment sa audiology sa loob ng isang linggo pagkaraan ng ikalawang pagsusuri sa pandinig ng iyong sanggol, mangyaring makipag-ugnay sa serbisyo ng Audiology na iyong pupuntahan, o sa QHLFSS sa 1800 352 075.

Paano kung hindi kami makakapunta sa appointment?

Kung hindi ka makakadalo sa iyong appointment, abisuhan ang iyong Audiologist sa lalong madaling panahon bago ang appointment upang makansela ito at muling mag-iskedyul.

Ang pagsusuri sa mga sanggol ay pinakamahasay na isinasagawa habang sila ay bata pa (dahil mas matagal silang matulog). Ang pag-antala sa mga appointment ay dapat iwasan hangga't maaari.

Magkano ang halagang babayaran sa appointment?

Ang iyong tagasuri ng pandinig ay magbibigay ng mga detalye ng mga serbisyo ng Audiology na makukuha sa iyong lugar.

Ang mga serbisyo ng Pampublikong Audiology ay nagsasagawa ng pagsusuri sa pandinig nang libre para sa mga sanggol na may medicare. Ito ay makukuha ng lahat ng mga sanggol, ipinanganak man sila sa pampubliko o sa pribadong ospital.

Kung pinili mong pumunta sa isang pribadong Audiologist, dapat alam mong may mga babayaran para sa pagsusuri at kailangan mong makipag-ugnayan sa serbisyo upang talakayin ito.

Your Baby's Audiology Hearing Test

Ang Audiology na Pagsusuri sa Pandinig ng iyong Sanggol



Ang iyong sanggol ay isinangguni sa Audiologist para sa karagdagang mga pagsusuri sa pandinig.

Ipinaliliwanag ng polyetong ito kung bakit isinangguni ang iyong sanggol at kung ano ang mangyayari.



Queensland Government

Bakit isinangguni ang aking sanggol sa isang Audiologist?

Your baby had a 'refer' result on their two hearing screens. This means the screening was unable to rule out a hearing loss, and your baby needs further hearing testing by an Audiologist.

There can be a number of reasons for a baby to have a 'refer' result on hearing screening. Your baby may have:

- a permanent hearing loss;
- a temporary hearing loss, due to fluid or a temporary blockage in their ear after birth, that may have affected their hearing at the time of the hearing screen;
- been unsettled during both hearing screens, or
- experienced background noise during the screens.

Ano ang Audiologist?

Ang Audiologist ay isang espesyalista sa pandinig na may mga kasanayan at kagamitan upang magsagawa ng detalyadong mga pagsusuri sa pandinig (mga dayagnostikong pagsusuri sa pandinig).

Ano ang mga dayagnostikong pagsusuri sa pandinig?

Sinusuri ng mga dayagnostikong pagsusuri sa pandinig kung ang isang sanggol ay may normal na pandinig o pagkawala ng pandinig. Kung ang isang sanggol ay may pagkawala ng pandinig, ipapakita mga dayagnostikong pagsusuri sa pandinig:

- kung ito ay pansamantala o permanente
- ang antas o tindi ng pagkawala ng pandinig (mula sa banayad hanggang sa lubusang pagkawala ng pandinig)
- kung ang pagkawala ng pandinig ay nasa isa o parehong tainga.

Kadalasang kailangan ng higit sa isang appointment upang makuha ang lahat ng mga impormasyon tungkol sa pandinig ng iyong sanggol.

Ano ang mangyayari sa panahon ng mga pagsusuri?

Ang iyong Audiologist ay magsasagawa ng ilang magkakaibang mga pagsusuri. Ang bawat pagsusuri ay susuri sa iba't ibang bahagi ng sistema ng pandinig ng iyong sanggol. Ipapaliwanag ng Audiologist ang bawat pagsusuri sa appointment.

Kailan kailangang ipasuri ang aking sanggol?

Ang mga sanggol na may 'isangguni' na resulta para sa parehong mga tainga ay dapat masuri sa loob ng 2 linggo ng kanilang pangalawang pagsusuri. Ang mga sanggol na may 'isangguni' na resulta para sa isang tainga ay dapat masuri sa loob ng 6 na linggo ng kanilang pangalawang pagsusuri.

Gaano katagal ang pagsusuri?

Magkakaiba para sa bawat sanggol, ngunit ang bawat appointment ay maaaring tumagal nang hanggang 3 oras. Karamihan ng mga sanggol ay hindi kailangang ganito katagal, ngunit mas mabuting maglaan ng kalahating araw kung sakali.

Paano ko ihahanda ang aking sanggol para sa mga pagsusuri?

Tatawagan ka ng iyong Audiologist o magpapadala sa iyo ng impormasyon kung paano ihanda ang iyong sanggol para sa pagsusuri.

Ang paghahanda ng iyong sanggol ay makakatulong sa proseso ng pagsusuri. Ang iyong sanggol ay kailangang dumating sa appointment nang gising, ngunit pagod na at handa nang matulog.

Ito ay sa dahilang ang pagsusuri ay isinasagawa habang natutulog ang iyong sanggol, dahil ang pagkilos ay makakaistorbo sa pagsusuri.




Ang mga pagsusuri ay hindi nakakasakit o nasasama sa iyong sanggol

Mahalagang tawagan ang Audiologist bago ang araw ng appointment kung hindi mo natanggap ang impormasyon sa paghahanda o hindi ka sigurado kung ano ang gagawin.

Kailan ko malalaman ang mga resulta?

Talakayin sa iyo ng iyong Audiologist ang mga resulta ng mga pagsusuri sa pandinig sa bawat appointment.

Ano ang mga posibleng resulta ng mga dayagnostikong pagsusuri sa pandinig ng aking sanggol?



Paano kung ang aking sanggol ay may pagkawala ng pandinig?

Kung ang iyong sanggol ay may pansamantalang pagkawala ng pandinig, nais muling makipagkita ng iyong Audiologist sa kanya upang masubaybayan ang kaniyang pandinig. Kung ang pansamantalang pagkawala ng pandinig ay hindi bumubuti, irerekomenda ng Audiologist na makipagkita ang iyong sanggol sa isang espesyalista sa Tainga Ilong at Lalamunan (ENT).

Kung ang iyong sanggol ay may permanenteng pagkawala ng pandinig, isasangguni ng iyong Audiologist ang iyong sanggol sa ilan o lahat ng sumusunod:

- Klinika sa Pandinig ng Bata
- Espesyalista sa Tainga, Ilong at Lalamunan espesyalista
- Doktor ng Bata
- Pandinig ng Australya (para masukatan ng gamit sa pandinig)
- Queensland Hearing Loss Family Support Service (QHLFSS)
- iba pang mga serbisyo ng espesyalista kung kinakailangan